
7

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan - Modyul 5:
## Pangangalaga sa Timbang na Kalagayang Ekolohiko ng Asya



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Baitang Pito**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 5: Pangangalaga sa Timbang na Kalagayang Ekolohiko ng Asya**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Myra A. Abique
**Editor:** Rosario G. Caluya
**Tagasuri:** Pedro J. Dandal Jr., Margielyn E. Tomanggong, Nora A. Nangit
**Tagaguhit:** Teodorico A. Cabildo, Sergio M. Tupaz, Eric M. Montemar
**Tagalapat:** Esperidion D. Soleta Jr.
**Tagapamahala:** Benjamin D. Paragas
Mariflor B. Musa
Melbert S. Broqueza
Danilo C. Padilla
Freddie Rey R. Ramirez
Aurelia B. Marquez
Rodgie S. Demalinao
Pedro J. Dandal Jr.

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – MIMAROPA Region**
Office Address: Meralco Avenue corner St. Paul Road, Pasig City
Telephone Number: (02) 6314070
E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

7

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan - Modyul 5:
## Pangangalaga sa Timbang na Kalagayang Ekolohiko ng Asya

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan-Baitang Pito** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Pangangalaga sa Timbang na Kalagayang Ekolohiko ng Asya**!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Araling Panlipunan-Baitang Pito** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Pangangalaga sa Timbang na Kalagayang Ekolohiko ng Asya**!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | | |
|---|---|---|
|  | ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
|  | ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
|  | ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
|  | ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
|  | ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
|  | ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | |
|---|---|
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!



# *Alamin*

Matapos mong mapag-aralan at matutunan ang tungkol sa Implikasyon na Likas na Yaman sa pamumuhay ng mga Asyano, bahaging ginagampanan ng kapaligirang Pisikal at Yamang Likas ng rehiyon sa Asya sa pamumuhay ng Asyano. Sa modyul na ito ay iyong pag-aaralan kung paano mo maipamamalas ang pangangalaga sa timbang na kalagayang ekolohiko ng Asya. Inaasahang makapag-susuri ka ng mga gawain tungkol sa kapaligiran sa iyong pamayanan. Makapag-sasagawa karin ng mga pagpapahalaga sa mga gawaing may kinalaman sa pagpoprotekta at pagpapanatili ng maayos na kapaligiran na iyong kinabibilangan. Sa araling, ito magkakaroon ka ng malawak na pang-unawa na kakailanganin mo upang maipamalas ang mga inaasahang kakayahan sa pangangalaga sa timbang na kalagayang ekolohiko ng Asya.

**Pamantayang Pangnilalaman**


Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa ugnayan ng kapaligiran at tao sa paghubog ng sinaunang kabihasnang Asyano.

**Pamantayan sa Pagganap**

Ang mag-aaral ay malaim na nakapaguugnay-ugnay sa bahaging ginampanan ng kapaligiran at tao sa paghubog sa sinaunang kabihasnang Asyano.

**Pamantayan sa Pagkatuto**

Naipapahayag ang kahalagahan ng pangangalaga sa timbang na kalagayang ekolohiko ng rehiyon. (AP7HAS-Ig-1.7)



# *Subukin*

**Paunang Pagtataya**

Sa bahaging ito ay aalamin ang iyong pang-unang kaalaman, kakayahan at pang-unawa tungkol sa pangangalaga sa timbang na kalagayang ekolohiko ng Asya. Handa ka na ba? Simulan mo na.

Panuto: Sagutan ang sumusunod na tanong. Isulat ang titik ng tamang sagot sa iyong kuwadernong pang aktibiti.

1. Bakit mahalaga ang papel na ginagampanan ng lupa sa buhay ng tao?
   A. Dahil ang mga produktong galling sa lupa ang bumubuhay sa tao upang matugunan ang kanilang pangangailangan
   B. Dahil kailangan ng tao ang lupa upang matustusan ang kanilang mga sariling hangarin
   C. Dahil sa mga pangangailangan na dapat matugunan
   D. Dahil kailangan upang mabuhay ang tao ayon sa kanilang interes sa buhay

2. Anong bansa sa Asya ang may malubhang problema ng salinization?
   A. Pilipinas
   B. Japan
   C. Bangladesh
   D. Malaysia

3. Alin sa sumusunod ang nagiging dahilan sa pagkasira ng lupa?
   A. Ang pagkatuyo ng mga lupa
   B. Paggulo ng lupa
   C. Pagrami ng punong kahoy
   D. Pagtaba ng lupa

4. Ano ang matinding suliranin ang kakaharapin kapag patuloy ang pagkasira ng lupa?
   A. Maaaring magdulot ng kakulangan sa pagkain at panganib sa kalusugan
   B. Maaaring magdulot ng kakulangan sa pangangailangan
   C. Maaaring magdulot ng kawalan ng hanap-buhay sa mga mamamayan.
   D. Pagkakaroon ng di inaasahang sakuna.

5. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa mga suliraning kinakaharap ng Asya?
   A. Pagkasira ng lupa
   B. Pagkawala ng biodiversity
   C. Urbanisasyon
   D. Pangangalaga sa likas na yaman

6. Paano maiiwasan ang problemang kinakaharap ng urbanisasyon sa bawat bansa sa Asya?
   A. Pagpapaalis sa mga tao sa mga lungsod
   B. Pagsasagawa ng mga programa para sa mga mamamayan upang mabigyan ng kabuhayan upang malutas ang kahirap.
   C. Paghikayat sa mga tao na lumipat sa ibang lugar upang umalis sa mga lungsod.
   D. Patuloy na pagtaas ng populasyon.

7. Sa patuloy na pagtaas ng urbanisasyon sa bawat bansa sino ang lubos na deriktang naaapektuhan?

   I. Ang pamahalaan ng bawat bansa
   II. Kalusugan ng mamamayan ang lubos na maaapektuhan
   III. Pagdami ng mga mahihirap
   IV. Pagdami ng negosyo sa bawat lugar

   A. I & II
   B. II & III
   C. III & IV
   D. I & IV

8. Alin sa sumusunod ang dahilan sa pagkawala ng biodiversity ng Asya?
   A. Patuloy na pagtaas ng populasyon
   B. Walang habas na pagkuha at paggamit ng mga likas na yaman
   C. Pag-aabuso sa lupa at pagkakalbo ng kagubatan
   D. Lahat ng nabanggit

9. Anong kontinente ang itinuturing na isa sa may pinakamayamang biodiversity sa buong mundo?
   A. Europe
   B. Asya
   C. Africa
   D. Antarctica

10. Ang patuloy na pagtaas ng populasyon ang isa sa mga problemang kinakaharap ng bawat bansa sa Asya, ano ang maaring maging solusyon sa nasabing pahagay?
    A. Kailangan na mabigay ng kaalaman ang mga mamamayan sa patuloy na pagtaas ng populasyon.
    B. Magsagawa ng mga hakbang o programa upang makonrol ang patuloy na pagtaas ng populasyon.
    C. Kailangan magtulungan ang mga mamamayan
    D. Kailangan maging aktibo sa mga gawain na ibinibigay ng pamahalaan

11. Ang tahasang pagkasira ng kagubatan ay isa sa mga kritikal na problemang pangkapaligiran, alin sa sumusunod na pahayag ang masamang epekto nito?

    I. Mawawalan ng tirahan ang mga hayop na nakatira sa kagubatan.
    II. Maraming mga species ng halaman ang manganganib at mga hayop.
    III. Masamang dulot sa natural ecosystem
    IV. Marami ang maaapektohang hayop

    A. I, II & III
    B. I, II, III & IV
    C. I, II & IV
    D. I, II & IV

12. Anong mga problema ang kinakaharap sa patuloy na pagkakalbo sa kagubatan?

    I. pagbaha
    II. pagguho ng lupa
    III. erosyon sa lupa
    IV. siltasyon

    A. I, II & III
    B. II, III & IV
    C. I, III & IV
    D. I, II, III & IV

13. Alin sa sumusunod na bansa sa asya ang nangunguna pagdating sa deforestation?
    A. China, Bangladesh, Pilipinas at Pakistan
    B. Bangladesh, Indonesia, Pakistan at Pilipinas
    C. Pilipinas, Japan, Bangladesg at Pakistan
    D. Malaysia, Pilipinas, Pakistan at Indonesia

14. Bilang isang kabataan, ano ang maaaring mong gawain upang masolusyonan ang mga suliraning pangkapaligiran na kinakaharap ng ating bansa?
    A. Hikayatin ang mga mamamayan na pangalagaan ang ating likas na yaman at maging aktibo sa mga programa na sinasagawa ng pamahalaan para sa pangangalaga sa likas na yaman.
    B. Makikipagtulungan sa mga iligal na gawain
    C. Patuloy na pagputol sa mga punongkahoy.
    D. Patuloy na pagtapon ng basura sa dagat at ilog.

15. Ang komersiyal na pagtotroso, pagkakaingin, pagpuputol ng punong kahoy at pagkasunog ng gubat ay isa sa mga dahilan sa pagkasira ng kagubatan. Ano ang nagiging dahilan ng mga mamamayan upang magawa ang ganitong gawain?
    A. Dahil sa sariling interes
    B. Dahil sa mataas na halaga ang kapalit
    C. Dahil na rin sa kahirapan at kawalan ng trabaho ng mga mamamayan.
    D. Dahil na rin sa panghihikayat ng iba at Malaki ang kita.

# Aralin 1 Pangangalaga sa Timbang na Kalagayang Ekolohiko ng Asya



## *Balikan*

**Gawain: Sulyap sa Nakaraan**

Bago tayo ulit mag-lakbay, atin munang balikan ang alaala ng nakaraan.

Panuto: Sagutan ang sumusunod na pahayag: Isulat ang titik na katumbas ng tamang sagot. Isulat sa iyong kwadernong pang aktibiti.

A- Agrikultura B- Ekonomiya C- Panahanan

________ 1. Sa pagpapalaki ng produksiyon, ang ilang mga bansa ay gumagamit ng makabagong makinarya.

________ 2. Maraming mga bansa ang mayaman bunsod ng kasaganaan sa likas yaman.

________ 3. Ang pagdami ng tao ay magdudulot ng kakulangan sa tirahan.


________ 4. Ang pagdami ng subdivision ay magreresulta sa unti-unting pagkawasak ng tirahan ng mga hayop.

________ 5. Ang pagkain ng tao ay kinukuha sa lupa.

Ilang puntos ang inyong nakuha? Alam kong lumalim ang iyong pag-unawa sa mga bagay na may kinalaman sa pangangalaga sa ating kapaligiran.

**Pamprosesong Tanong:**

1. Paano mo mapahahalagahan ang kinagisnang hanapbuhay ng iyong mga magulang? Ipaliwanag.
2. Kung isa ka sa magiging punong bayan, paano mo mapapanatili ang kalinisan sa iyong bayan? Ipaliwanag.
3. Kailangan bang palitan ng mga pabahay ang mga lupang sakahan? Pangatwiranan ang iyong kasagutan.



## *Suriin*

**Gawain: Halika, Buoin Natin!**

Gawin at subukin mong buoin ang mga salitang may kinalaman sa suliraning pangkapaligiran.

______________________ 1. SEREDITIFACTION --- tumutukoy sa pagkasira ng lupain sa mga rehiyong bahagyang tuyo o lubhang tuyo na kapag lumaon ay hahantong sa permanenteng pagkawala ng kapakinabangan o productivity nito;

______________________ 2. LISAINZATION--- lumilitaw sa ibabaw ng lupa ang asin o kaya naman ay inaanod ng tubig papunta sa lupa. Nagaganap kapag mali ang isinasagawang proseso ng irigasyon;

______________________ 3. AHIBTAT--- tirahan ng mga hayop at iba pang mga bagay. Ito ang pangunahing apektado ng land conversion o paghahawan ng kagubatan;

______________________ 4. COELOIGCAL ABLANCE--- balanseng ugnayan sa pagitan ng mga bagay na may buhay at ng kanilang kapaligiran;

______________________ 5. EDORFESTIONTA--- pagkaubos at pagkawala ng mga punongkahoy sa mga gubat;

______________________ 6. LISATTION--- parami at padagdag na deposito ng banlik na dala ng umaagos na tubig sa isang lugar;

______________________ 7. DER EDIT--- sanhi ng dinoflagellates na lumulutang sa ibabaw ng dagat;

______________________ 8. ENOZO REYAL--- nagpoprotekta sa mga tao, halaman, at hayop mula sa masamang epekto ng radiation na dulot ng ultraviolet rays.

Nagustuhan mo ba ang gawain? Ang lahat ng iyong nabuong salita ay may kinalaman sa mga suliraning pangkapaligirang kinakaharap ng ating daigdig sa kasalukuyan.

**Gawain: Problema Mo, Solusyonan Mo!**

Panuto: Pumili ng isang larawan at ipaliwanag kung paano ka makatutulong sa pag-iwas sa ganitong suliranin na nakakasira sa timbang na kalagayang ekolohiko ng rehiyon.



Larawang Kuha ni: Abique, Myra A.



Larawang Kuha ni: Abique, Myra A.

**Pamprosesong Tanong:**

1. Batay sa iyong nabuong mga salita, pumili ng isang larawan at ipaliwanag. Ano ang kaugnayan nito sa mga suliraning pangkapaligiran sa kasalukuyan?
2. Bakit kailangang pangalagaan ang tirahan ng mga hayop o mga bagay na may buhay?
3. Kung nakita mo ang iyong kabarangay na pumuputol ng mga punongkahoy o nanghuhuli ng buhay-ilang, ano ang iyong reaksiyon? Magbigay ng mga hakbang na iyong gagawin.
4. Batay sa larawang iyong ipinaliwanag, paano ka makatutulong sa pagsugpo ng ganitong suliranin?



# *Suriin*

**Gawain: Suri-Teksto!**

**ANG BIODIVERSITY NG ASYA**

Ang pagkakaiba-iba at katangi-tanging anyo ng lahat ng buhay na bumubuo sa natural na kalikasan ay tinatawag na biodiversity. Ang Asya, bilang pinakamalaking kontinente sa buong mundo ay itinuturing na pangunahing pinagmumulan ng global biodiversity. Ngunit, habang ang mga bansa sa Asya ay patuloy na papunta sa kaunlaran, kasabay din nito ang pagsulpot ng mga suliraning ekolohikal at pangkapaligiran bunsod ng hindi mapigilang pag-unlad ng ekonomiya at ang patuloy na paglaki ng populasyon. Ang mga bansang Asyano sa ngayon ay humaharap sa masalimuot na interaksiyon ng mga isyung panlipunan, politikal, ekonomiya at pangkapaligiran. Ang masusing ugnayan at pagbabalikatan ng bawat isa sa loob ng isang bansa at sa pagitan ng bawat bansa ay mahalaga upang makapagbalangkas at makapagpatupad ng angkop na solusyon sa mga suliraning ito.

**Kahalagahan ng Balanseng Ekolohikal**

Napakahalagang panatilihin ang ecological balance o balanseng kalagayang ekolohikal ng Asya. Anuman ang maging katayuan at kalagayang ekolohikal ng rehiyon, tiyak na makakaapekto ito nang lubos sa pangkalahatang kalidad ng kapaligirang pandaigdig. Dapat nating isipin na bunga ng kalakihan ng sakop na teritoryo ng Kontinente ng Asya, ang mga problemang ekolohikal na nararanasan ng mga Asyano sa isang rehiyon ay posible ring maging suliranin ng mga tao sa karatig-rehiyon o maging ng mga mamamayan ng buong daigdig.

- Ang malaki at patuloy na lumalaking populasyon sa Asya ay nakapagpapalala sa mga suliraning pangkapaligiran at ekolohikal. Malaki ang kaugnayan ng paglaki ng poupulasyon sa pagkasira ng lupain sa Asya.
- Ang urbanisasyon ng mga bansa sa Asya ay dahilan din ng mga suliraning pangkapaligiran.

Alamin natin ngayon ang iba't ibang kahulugan ng mga salitang may kaugnayan sa suliraning pangkapaligiran.

1. **DESERTIFICATION -** Tumutukoy sa pagkasira ng lupain sa mga rehiyong bahagyang tuyo o lubhang tuyo na kapag lumaon ay hahantong sa permanenteng pagkawala ng kapakinabangan o productivity nito tulad ng nararanasan sa ilang bahagi ng China, Pakistan, Jordan, Iraq, Syria, Yemen at Lebanon.



Larawang Kuha ni: Abique, Myra A.

2. **SALINIZATION**- Sa prosesong ito, lumilitaw sa ibabaw ng lupa ang asin o di kaya naman ay inaanod ng tubig papunta sa lupa. Ito ay nagaganap kapag mali ang isinagawang proseso ng irigasyon sa paligid ng mga estuary at gayundin sa mga lugar na mababa na ang balon ng tubig o water table. Unti-unting nanunuot ang tubig-alat o saltwater kapag bumababa ang water level gaya ng nararanasan ng bansang Bangladesh sapagkat nanunuot na ang tubig-alat sa kanilang mga ilog.

3. **HABITAT**- Ito ay tumutukoy sa tirahan ng mga hayop at iba pang mga bagay. Ito ang pangunahing apektado ng land conversion o ang paghahawan ng kagubatan, pagpapatag ng mga mabundok o maburol na lugar upang mabigyang-daan ang mga proyektong pangkabahayan.



Larawang Kuha ni: Gonoz, Anwar Macmond P.

4. **HINTERLANDS**- Ito ay isang malayong lugar, malayo sa urbanisadong lugar ngunit apektado ng mga pangyayari sa teritoryong sakop ng lungsod. Ang lungsod ay nangangailangan ng pagkain, panggatong, at troso para sa mga konstruksiyon na itinutustos ng hinterlands na humahantong sa pagkasaid ng mga likas na yaman nito.

5. **ECOLOGICAL BALANCE**- Kapag balanse ang ugnayan sa pagitan ng mga bagay na may buhay at ang kapaligiran, tinatawag itong ecological balance.

6. **DEFORESTATION**- Ang Pagkaubos at pagkawala ng mga punongkahoy sa mga gubat. Isa ito sa mga problemang nararanasan ng Asya sa kasalukuyan.




Larawang Kuha ni: Edep, Yolando D.

7. **SILTATION**- Parami at padagdag na deposito ng banlik na dala ng umaagos na tubig sa isang lugar. Ito ay isa sa problemang kinakaharap ng mga bansa sa Asya na dulot o bunsod ng pagkasira ng kagubatan at erosion ng lupa, gaya ng kondisyon ng lawa ng Tonle Sap sa Cambodia.

8. **RED TIDE**- Nagkakaroon ng red tide dahil sa mga dinoflagellates na lumulutang sa ibabaw ng dagat.



Larawang Kuha ni: Rodriguez, Merylren O.

9. **GLOBAL CLIMATE CHANGE**- Ang global warming ay ang pagbabago ng pandaigdigan o rehiyonal na klima na maaaring dulot ng likas na pagbabago sa daigdig o ng mga gawain ng tao. Karaniwang tinutukoy nito sa kasalukuyan ay ang **pagtaas** ng katamtamang temperature o global warming.
10. **OZONE LAYER**- Isang suson sa stratosphere na naglalaman ng maraming **konsentrasyon** ng ozone. Mahalagang pangalagaan ang ozone layer sapagkat ito ang nagpoprotekta sa mga tao, halaman, at hayop mula sa masamang epekto ng radiation dulot ng ultraviolet rays.

**Gawain: Sanhi At Bunga**

Panuto: Punan ang talahanayan ng angkop na salita.

**Suliraning Pangkapaligiran**

| SANHI | EPEKTO | SOLUSYON |
|---|---|---|
| 1. Pagtapon ng basura sa dagat | 1. | Coastal Clean-Up |
| 2. Pagputol ng punongkahoy | Erosion | 2. |
| 3. Pagkakaingin | Deforestation | 3. |
| 4. Pagsunog ng plastic | 4. | 5. |
| 5. Pagdami ng sasakyan | 6. | 7. |

Basahin at unawaing mabuti ang mga teksto upang makakuha ng mga impormasyon na magagamit sa susunod na gawain.

## Mga Suliraning Pangkapaligiran sa Asya

**Pagkasira ng lupa** -Tunay na malaki at mahalaga ang papel na ginagampanan ng lupa upang patuloy na mabuhay ang mga tao. Sa kapakinabangan o productivity nito nakaasa ang mga produktong agrikultural na tumutustos sa kabuhayan ng mamamayan. Gayunpaman, ang abuso sa lupa ay nagbubunsod ng malalang mga suliranin gaya ng salinization at alkalinization na nagaganap kapag mali ang isinagawang proseso ng irigasyon. Malubhang problema ang salinization sa Bangladesh sapagkat nanunuot na ang tubig alat sa kanilang mga ilog na dumadaloy sa 38% ng bansa. Nasa 33% na mga mamamayan nito ang nakikinabang sa ilog na ito. Samantala isang ring malubhang problema sa lupa ay ang desertification gaya ng nararanasan ng ilang bahagi ng China na nakapagtala na ng halos 358,000 km2 na desertified na lupain. Maging sa ibang bahagi ng Asya tulad ng kanlurang Asya ay nakakaranas din ng tuyong lupain gaya ng Jordan, Iraq, Lebanon, Syria, at Yemen sa kanlurang Asya, at ang India at Pakistan sa Timog Asya. Ang pagkasira at pagkatuyo ng lupa ay maaring magdulot ng matinding suliranin gaya ng kakulangan sa pagkain at panganib sa kalusugan.

Isa pinagmumulan ng pagkasira ng lupa ay ang overgrazing kung saan ang kapasidad ng damuhan ay hindi sapat sa laki ng kawan ng hayop. Ito ay nakasisira sa halamano o vegetation ng isang lugar. Ang hilagang Iraq, Saudi

Arabia, at Oman ay ilan lamang sa mga bansang nakararanas ng ganitong sitwasyon.

**Urbanisasyon** – Dahil sa mabilis na urbanisasyon sa Asya, labis nang naapektuhan ang kapaligiran nito. Ito ay nag bunsod sa mga kaugnay na problema gaya ng pagdami ng mga mahihirap na lugar o depressed areas at may mga pamayanan na may mataas na insidente ng pagkakasakit at iba pang panganib sa kalusugan. Mahigit sa 3,119 sa mga bayan at lungsod ng India ay may ganitong sitwasyon. Ang kalusugan ng mamamayan sa mga lungsod ay direktang naapektuhan ng urbanisasyon gaya ng pagtatapon ng mga industriya nhg kanilang wastewater sa tubig at sa lupa. Ang mga kalapit-bayan ng lungsod ay naapektuhan din ng urbanisasyon sapagkat dito kinukuha ang ilang mga pangangailangan ng lungsod na nagiging sanhi ng pagkasaid ng likas na yaman nito. Kaugnay na problema rin ng urbanisasyon ay ang noise pollution mula sa mnga sasakyan, gayundin ang mga ilang aparato at makinang gumagawa ng ingay. Ayon sa mga eksperto sa kalusugan ang labis na ingay sapagkat nagdudulot ito ng stress at nakadaragdag sa pagod, sa ilang sitwasyon, ito ay nagiging sanhi ng pagkabingi.

**Pagkawala ng Biodiversity** – ang kontinente ng Asya ay itinuturing na isa sa may pinakamayamang biodiversity sa buong mundo. Ang China, India, Thailand, Indonesia, ay Malaysia ay katatagpuan ng pinakamaraming species ng mga isda, amphibian, reptile, ibon, at mammal. Ngunit sa kabila nito, ang Asya rin mismo ang nakapagtala ng pinakamabilis na pagkawala ng biodiversity bunsod ng: patuloy na pagtaas ng populasyon, walang habas na pagkuha at paggamit ng mga likas na yaman, pag-aabuso sa lupa, pagkakalbo o pagkakasira ng kagubatan (deforestation), polusyon sa kapaligiran, at ang introduksiyon ng mga species na hindi likas sa isang partikular na rehiyon.

**Pagkasira ng Kagubatan** – ang deforestation o tahasang pagkawasak ng kagubatan ay isang napakakritikal na problemang pangkapaligiran. Masama ang dulot nito sa natural ecosystem sapagkat ang likas na yaman ng kagubatan ay nababawasan. Pinipiling putulin ang mga punong may ilang libong taon nang nabubuhay sa kagubatan at hindi ito basta lamang napapalitan sa pamamagitan ng muling pagtatanim. Sa pagkawala ng mga puno, marami ring mga species ng halaman at hayop ang nanganganib dahil nawawalan sila ng natural na tirahan o natural habitat. Ang pangkapaligiran tulad ng pagbaha, erosyon ng lupa, pagguho ng lupa, sitasyon, at sedimentation. Ayon sa pag-aaral ng Asian Development Bank, nangunguna ang Bangladesh, Indonesia, Pakistan at Pilipinas sa mga bansang may pinakamabilis na antas o rate ng deforestation. Pangunahing sanhi ng problemang ito ay ang komersyal na pagtotroso, pagkakaingin, pagpuputol ng puno, upang gawing panggatong at ang pagkasunog ng gubat.

Kamusta ang iyong naging pagbasa? Maaari mo ng sagutan ang mga katanungan sa ibaba, isular ang iyong sagot sa iyong kuwadernong pang aktibiti.

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang mga suliraning pangkapaligiran ng Asya?
2. Ano ang mga pangunahing problemang kinakaharap sanhi ng mga sulirani ng pangkapaliran?
3. Sa papaanong paraan maiiwasan ang mga suliraning pangkapaligiran?
4. Paano mo pahahalagahan ang kalagayang ekolohiko ng Asya?

5. Kung ang bawat tao ay patuloy na walang disiplina sa pang-aabuso sa kalikasan, ano ang magiging epekto nito sa pamumuhay ng mga tao?



## *Pagyamanin*

**Gawain: Suliranin Lutasin!**

Panuto: Dugtungan ang sumusunod na pahayag na may kinalaman sa pangangalaga sa kapaligiran, timbang na kalagayang ekolohiko at pagpapahalaga sa kalikasan na nabasa sa teksto. Ipahagay ang mga mungkahing solusyon na hinahangad.

Upang magkaroon ng timbang na kalagayang ekolohiko sa rehiyon ako ay ____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________

Ang gagawing kong solusyon sa pagkaubos at pagkasira ng kagubatan ay ____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________
____________________________________________________________________________

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang pangunahing dahilan ng suliraning pang kapaligiran sa Asya?
2. Paano mo pahahalagahan ang iyong kapaligiran? Magbigay ng iyong makakayang gawin.

**Gawain: Reaksyon Mo, Sabihim Mo!**

Panuto: Sagutan ang sumusunod na katanungan. Isulat ang iyong sagot sa kuwardenong pang aktibiti.

1. Sa papaanong paraan maiiwasan ang mga problemang kinakaharap na may kinalaman sa suliraning pangkapaligiran?
2. Bilang isang kabataan, sa papaanong paraan mo sisimulan ang pangangalaga sa iyong likas na yaman?
3. Ano-anong gawain ang iyong isasagawa upang mapahalagahan at mapanatili ang balanseng ekolohikal?




## *Isaisip*


Batay sa mga impormasyon na iyong nakalap sa mga teksto, hinihikayat kitang gawin ang susunod na gawain.

**Gawain: Mabuti at Di Mabuti!**

Panuto: Suriin at tukuyin ang sumusunod na impormasyon tungkol sa suliraning pangkapaligiran, ilagay ang sumusunod na simbolo kung ang pangungusap ay nagpapahayag ng mabuti at di mabuti sa likas na yaman. Isulat ang iyong sagot sa iyong kuwadernong pang aktibi.



**Mabuti**



**Di Mabuti**

______1. Tahasang pagkawasak ng kagubatan

______2. Patuloy na pagtaas ng populasyon

______3. Pangangalaga sa likas na yaman

______4. Pagpapanatili ng kalinisan sa paligid

______5. Walang habas na pagkuha at paggamit ng mga likas na yaman


**Gawain: Pag-Isipan Mo!**

Panuto: Punan ang talahanayan ng angkop na gawain sa pangangalaga ng iyong kapaligiran. Isulat ang iyong sagot sa kuwadernong pang aktibiti.

**LUGAR KO, PANGANGALAGAAN KO**

| LUGAR | PANGANGALAGANG GAGAWIN |
|---|---|
| 1. Baybay Dagat (Beaches) | 1. |
| 2. Parke | 2. |
| 3. Pamilihan | 3. |
| 4. Opisina | 4. |
| 5. Simbahan | 5. |

Napakahusay! Binabati kita sa matagumpay mong pagsasagawa at natapos ang mga gawain, taglay mo na ang kaalaman na higit na magpapaunlad sa iyong pagkatuto.



# *Isagawa*

**Gawain: Liham Ko Para Sayo!**

Panuto: Gumawa ng isang liham kung papaano maiiwasan ang mga suliraning pangkapaligiran na kinahaharap sa kasalukuyan ng Asya.

**Pamantayan sa Paggawa ng Liham**

| Pamantayan | Deskripsiyon | Puntos | Nakuhang puntos |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Akma sa paksa at malinaw na paglalahad ng impormasyon. | 20 | |
| Istilo | Nakakahikayat sa mambabasa | 10 | |
| | **Kabuoan** | **30** | |

**Gawain: Islogan!**

Batay sa mga tekstong iyong nabasa, gumawa ng isang islogan na may kinalaman sa pagpapahalaga sa likas na yaman.

Hal. Likas na yaman pahalagahan dahil siya ay ating kailangan.

**Pamantayan sa Paggawa ng Islogan**

| Pamantayan | Deskripsiyon | Puntos | Nakuhang puntos |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Akma sa paksa at malinaw na paglalahad ng impormasyon. | 20 | |
| Istilo | Nakakahikayat sa mambabasa | 10 | |
| | **Kabuohan** | **30** | |

Binabati kita, mahusay mong naisagawa ang mga gawaing naiatas sayo at sa pagsusumikap na matapos ang mga gawain sa modyul na ito. Sa bahaging ito ay tatayahin na ang iyong kaalaman batay sa iyong natutunan.



# Tayahin

Panuto: Basahin at sagutan ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutan papel.

1. Bilang isang kabataan, ano ang maaari mong gawain upang masolusyonan ang mga suliraning pangkapaligiran na kinakaharap ng ating bansa?
   A. Hikayatin ang mga mamamayan na pangalagaan ang ating likas na yaman at maging aktibo sa mga programa na sinsagawa ng pamahalaan para sa pangangalaga sa likas na yaman.
   B. Makikipagtulungan sa mga illegal na gawain
   C. Patuloy na pagputol sa mga punong kahoy.
   D. Patuloy na pagtapon ng basura sa dagat at ilog.

2. Ang komersiyal na pagtotroso, pagkakaingin, pagpuputol ng punong kahoy at pagkasunog ng gubat ay isa sa mga dahilan sa pagkasira ng kagutaban, ano ang nagiging dahilan ng mga mamamayan upang magawa ganito gawain?
   A. Dahil sa sariling interes
   B. Dahil sa mataas na halaga ang kapalit
   C. Dahil na rin sa kahirapan at kawalan ng trabaho ng mga mamamayan.
   D. Dahil na rin sa panghihikayat ng iba at Malaki ang kita.

3. Ang tahasang pagkasira ng kagubatan ay isa sa mga kritikal na problemang pangkapaligiran, alin sa sumusunod na pahayag ang masamang epekto nito?
   I. Mawawalan ng tirahan ang mga hayop na nakatira sa kagubatan.
   II. Maraming mga species ng halaman ang manganganib at mga hayop.
   III. Masamang dulot sa natural ecosystem
   IV. Marami ang maaapektohang hayop

   A. I, II & III
   B. I, II, III & IV
   C. I, II & IV
   D. I, II & IV

4. Anong mga problema ang kinakaharap sa patuloy na pagkakalbo sa kagubatan?
   I. Pagbaha
   II. Pagguho ng Lupa
   III. Erosyon sa Lupa
   IV.Siltasyon

   A. I, II & III
   B. II, III & IV
   C. I, III & IV
   D. I, II, III & IV

5. Alin sa sumusunod na bansa sa asya ang nangunguna pagdating sa deforestation?
   A. China, Bangladesh, Pilipinas at Pakistan
   B. Bangladesh, Indonesia, Pakistan at Pilipinas
   C. Pilipinas, Japan, Bangladesg at Pakistan
   D. Malaysia, Pilipinas, Pakistan at Indonesia

6. Ano bansa sa asya ang may malubhang problema ng salinization?
   A. Pilipinas
   B. Japan
   C. Bangladesh
   D. Malaysia

7. Alin sa sumusunod ang nagiging dahil sa pagkasira ng lupa?
   A. Ang pagkatuyo ng mga lupa
   B. Paggulo ng lupa
   C. Pagrami ng punong kahoy
   D. Pagtaba ng lupa

8. Ano ang matinding suliranin ang kakaharapin kapag patuloy ang pagkasira ng lupa?
   A. Maaring magdulot ng kakulangan sa pagkain at panganib sa kalusugan
   B. maaring magdulot ng kakulangan sa pangangailangan
   C. Maaring magdulot kawalan ng hanap-buhay ang mga mamamayan
   D. Pagkakaroon ng di inaasahang sakuna

9. Alin sa sumusunod ang hindi kabilang sa mga suliraning kinakaharap ng Asya?
   A. Pagkasira ng lupa
   B. Pagkawala ng biodiversity
   C. Urbanisasyon
   D. Pangangalaga sa likas na yaman

10. Bakit mahalaga ang papel na ginagampanan ng lupa sa buhay ng tao?
    A. Dahil ang mga produktong galling sa lupa ang bumubuhay sa tao upang matugunan ang kanilang pangangailangan.
    B. Dahil kailangan ng tao ng lupa upang matustusan ang kanilang mga sariling hangarin.
    C. Dahil sa mga pangangailangan na dapat matugunan
    D. Dahil kailangan upang mabuhay ang tao ayon sa kanilang interes sa buhay

11. Paano maiiwasan ang problemang kinakaharap ng urbanisasyon sa bawat bansa sa Asya?
    A. Pagpapaalis sa mga tao sa mga lunsod
    B. Pagsasagawa ng mga programa para sa mga mamamaya upang mabigyan ng kabuhayan upang malutas ang kahirap.
    C. Paghikayat sa mga tao na lumipat sa ibang lugar upang umalis sa mga lunsod.
    D. Pagtuloy na pagtaas ng populasyon.

12. Sa patuloy na pagtaas ng urbanisasyon sa bawat bansa sino lubos na deriktang naaapektuhan?


    I.Ang pamahalaan ng bawat bansa
    II.Kalusugan ng mamamayan ang lubos na maaapektuhan
    III.pagdami ng mga mahihirap
    IV.pagdami ng negosyon sa bawat lugar

    A. I & II
    B. II & III
    C. III & IV
    D. I & IV

13. Alin sa sumusunod ang dahilan sa pagkawala ng biodiversity ng asya?
    A. Patuloy na pagtaas ng populasyon
    B. Walang habas na pagkuha at paggamit ng mga likas na yaman
    C. Pag-aabuso sa lupa at pagkakalbo ng kagubatan
    D. Lahat ng nabanggit

14. Anong kontinente ang itinuturing na isa sa may pinakamayamang biodiversity sa buong mundo?
    A. Europe
    B. Asya
    C. Africa
    D. Antarctica


15. Ang patuloy na pagtaas ng populasyon ang isa sa mga problemang kinakaharap ng bawat bansa sa Asya, sa Iyong palagay, ano ang maaring maging solusyon sa nasabing pahagay?
    A. kailangan na mabigay ng kaalaman ang mga mamamaya sa patuloy na pagtaas ng populasyon.
    B. Magsagawa ng mga hakbang o programa upang makonrol ang patuloy na pagtaas ng populasyon.
    C. Kailangan magtulungan ang mga mamamayan
    D. Kailangan maging aktibo sa mga gawain na binibigay ng pamahalaan



# *Karagdagang Gawain*

**Gawain: Itala!**

Panuto: Maglista ng limang gawain na nagpapakita ng pagpapahalaga sa kapaligiran na nakikita mo sa iyong bayan. Isulat sa iyong kuwadernong pang aktibiti.



# *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

Paunang Pagtataya

1. B
2. C
3. D
4. D
5. D
6. B
7. B
8. D
9. B
10. B
11. D
12. D
13. B
14. A
15. C

**Balik Aral**

1. B
2. E
3. C
4. A
5. D

**Photo Suri**

1. Pagputol ng punong kahoy
2. Urbanisasyon
3. Paglaki ng populasyon

**Isaisip**

1. Di Mabuti
2. Di Mabuti
3. Mabuti
4. Mabuti
5. Di Mabuti

**Subukin/Tayahin**

1. A
2. C
3. D
4. D
5. B
6. C
7. D
8. D
9. D
10. A
11. B
12. B
13. D
14. B
15. A

# *Sanggunian*

**Modyul**

Blando, Rosemarie,et.al.Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba-iba, Araling Panlipunan(Modyul ng Mag-aaral),Project EASE pp. 42-53
Araling Panlipunan Module , Grade 8

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph